

Ang Buhay na may Kalakasan  
mula sa Banal na Espiritu

## WARM-UP

- Kung mayroon kang isang bagay na hindi mauubos, ano iyon? Bakit mo ito gusto?
- Ano ang isang paksa na gusto mong laging pinag-uusapan? Bakit mo ito gustong pag-isipan?
- Sa iyong palagay, alin sa mga katangian mo ang iyong kalakasan?

## WORD

*“Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo.”* **MGA GAWA 1:8**

(Basahin din ang **MGA GAWA 1:4-7.**)

Ang Banal na Espiritu ay ang Diyos mismo na nananahan at gumagabay sa atin araw-araw. Kung bibigyan natin ang Banal na Espiritu ng lugar sa ating mga buhay at mamumuhay tayo sa piling Niya, tutulungan Niya tayong ipahayag ang katotohanan tungkol kay Cristo. Ngayon, titignan natin kung paano tayo magkakaroon ng buhay na may kalakasan mula sa Banal na Espiritu.

# 1

## Magpabautismo sa Banal na Espiritu.

*“Nagbautismo si Juan sa tubig, ngunit makalipas lang ang ilang araw ay babautismuhan kayo sa Banal na Espiritu.”*

### **MGA GAWA 1:5**

Upang magkaroon tayo ng buhay na may kalakasang nagmumula sa Banal na Espiritu, dapat muna tayong magpabautismo sa Banal na Espiritu. Ipinangako ni Jesus sa mga disipulo na ipapadala ng Ama ang Banal na Espiritu sa Kanyang pangalan (Juan 14:26). Dahil tayo ay nakay Cristo, matatanggap din natin ang ipinangako Niyang Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng pananampalataya. Balikan ang panahon kung kailan ka nabautismahan ng Banal na Espiritu. Ano ang nangyari?

---

---

# 2

## Tanggapin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

*“Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. . . .”* **MGA GAWA 1:8**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 15:17-20.**)

Ang Banal na Espiritu ay dumarating sa atin dala ang kapangyarihan ng Diyos. Kapag natanggap natin ang Banal na Espiritu, nananahan Siya sa atin at binibigyan tayo ng kapangyarihan na mamuhay nang may kabanalan. Pinagpapala din Niya tayo ng kapangyarihan ng mga espirituwal na mga kaloob, na ginagamit natin upang mapagsilbihan ang iba. Ayon sa Mga Taga-Roma 15:18,19, ano ang maaari nating gawin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu?

---

---

### 3 Ipahayag ang mga bagay tungkol kay Cristo.

*“ . . . At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo.” MGA GAWA 1:8*

Ang Banal na Espiritu ay hindi lamang nagbibigay sa atin ng kapangyarihan, kundi nagbibigay din sa atin ng lakas ng loob upang magpahayag ng mga bagay tungkol kay Cristo sa buong mundo. Paano ka natulungan ng Banal na Espiritu upang maipangaral ang ebanghelyo sa hindi mo kakilala?

.....

.....

#### APPLICATION

- Kung wala ang Banal na Espiritu, hindi natin kayang mamuhay nang may kalakasan. Paano mo magagawang tumanggap ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu at hindi umasa sa sarili mong kalakasan?
- Ngayong alam mo na binibigyan ka ng Banal na Espiritu ng kalakasan at mga espirituwal na kaloob, paano nagbago ang paraan mo ng pamumuhay? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang magawa mong kumilos gamit ang Kanyang mga kaloob?
- Sino ang isang kapamilya o kaibigan mo na kailangang makarinig ng ebanghelyo? Paano mo mapanghahawakan ang kapangyarihan at lakas ng loob na ibinibigay ng Banal na Espiritu upang maibahagi ito sa kanya ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Banal na Espiritu na nagbibigay sa atin ng kakayahan upang mamuhay nang may kalakasan. Ipanalangin na lagi Niyang ipapaalala sa iyo na umasa sa Kanyang kapangyarihan.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng Banal na Espiritu ng kaloob upang matulungan mo ang iba. Ipanalangin na habang kumikilos ka ayon sa kagustuhan ng Espiritu, patuloy na lalalim at titibay ang relasyon mo sa Kanya.
- Ipanalangin na makita sa buhay mo ang kapangyarihan at presensiya ng Banal na Espiritu upang makilala din Siya ng iba. Ipanalangin na habang patuloy kang kumikilos ayon sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, magagawa mong ipangaral ang ebanghelyo sa iba.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

© 2018 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph